

LEGISLATIVE DIGEST



OPISYAL NA PAHAYAGAN NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NG BULACAN

Website: <http://sp.bulacan.gov.ph>

Taon 10 Blg. 3

Hulyo - Setyembre 2011

SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NAG-LAKBAY ARAL SA TAIWAN

Ang Sangguniang Panlalawigan, sa pangunguna ni Vice-Gov. Daniel R. Fernando, ay nag-Lakbay-Aral sa Taiwan noong Setyembre 1 – 5, 2011 sa adhikaing maitaas pa ang antas ng kanilang kaalaman at karanasan upang makapagsabatas ng mga napapanahon at kinakailangang lehislasyon na makapagsusulong pa sa patuloy na pag-unlad ng lalawigan ng Bulacan.

Kabilang din sa delegasyon ng Sangguniang Panlalawigan sina Bokal Michael Fermin, Bokal Therese Cherryl Ople, Bokal Ramon Posadas, Bokal Enrique Dela Cruz, Jr., Bokal Enrique Viudez II, Bokal Eulogio Sarmiento III, Bokal Enrique Delos Santos, Jr., Bokal Romeo Allan Robes, Bokal Mark Cholo Violago at Bokal Mark Jerome Anthony Santiago at kasama rin sina Atty. Percyveranda Dela Cruz, VGO Chief of Staff, dating Kalihim Alicia Javier at Arkitekto Noel Ramirez.

Ang naturang lakbay-aral ay naisakatuparan sa tulong ng Manila Economic and Cultural Office (MECO) sa pamumuno ni Ambassador Perez, Jr. Ang MECO ang nag-imbata sa delegasyon na magtungo sa Taiwan upang magmasid sa maunlad na bansa at makakuha ng mga makabagong pamamaraan at istrategiya bilang tulong sa pagbabatas. Ang MECO rin ang sumalubong sa delegasyon pagdating sa Taiwan at nagbigay ng isang welcome dinner.

Unang pinuntahan ng delegasyon ang maunlad na aquaculture at agriculture projects sa Taichung, Taiwan at inobserbahan ang kanilang operasyon at mga polisiya, gayundin ang mga makabagong pasilidad at

(Sundan sa P. 3)



Gawad Galing Sanggunian is On!

Sinimulan na ng Sangguniang Panlalawigan ang Gawad Galing Sanggunian 2011 noong Hulyo sa pamamagitan ng pagbisita ng Lupon sa Pagsala (Screening Committee) sa 21 sangguniang bayan at 3 sangguniang panlungsod. Sa pamumuno ni Bokal Ariel Arceo, tagapangulo ng Lupon Tagapagpaganap ng GGS (Executive Committee), kasama ang ilang bokal na kasapi ng lupon, isa-isang pinuntahan ng Lupon ang 24 na sanggunian upang obserbahan ang mga pagdaraos ng sesyon, suriin ang mga dokumento at kapanayamin ang mga kagawad at kawani ng mga sanggunian.

Bahagi din ng kanilang pagdalaw ang pag-ebalweyt sa kaayusan ng bulwagang pulungan, ang pamamaraan ng pagdaraos ng sesyon, ang kaayusan at pagsinop ng mga

(Sundan sa P. 3)

SP May Bagong Secretary

Sa ika-33 na Sesyon ng Sangguniang Panlalawigan noong Agosto 24, 2011, isang bagong kalihim ang tumawag sa mga pangalan ng mga kagawad ng Sangguniang Panlalawigan na dumalo. Siya ay si Kalihim Ma. Perpetua R. Santos na opisyal na nanungkulan bilang kalihim ng SP kapalit ni Kalihim Alicia Javier na nagretiro sa pagsapit ng kanyang edad na 65.

Bago siya naitalagang kalihim ng Sangguniang Panlalawigan, si Sec. Ua, ay nanunungkulang kalihim ng Sangguniang Bayan ng Hagonoy, na hinawakan niya sa loob ng 20 taon. Bago ito, naging Human Resource Management Officer din siya ng Hagonoy mula 1989 hanggang 1991 at naging Personnel Officer mula 1986 hanggang 1989. Siya ay dating guro sa St. Anne's Academy (ngayon ay St. Mary's Academy of Hagonoy).

Isinilang sa Barangay San Sebastian, Hagonoy, at ngayon ay naninirahan sa Barangay San Isidro, Si Sec. Ua ay nagmula sa simpleng pamilya at pinalad na makapag-aral at makapagtapos sa kolehiyo. Taglay ang talinong kaloob ng Maykapal, siya ay naging *consistent scholar* sa kanyang pag-aaaral. Nagtapos siyang valedictorian sa mababang paaralan at salutatorian sa mataas na paaralan. Nagtapos siya ng *Bachelor of Arts in Mass Communication*, major in Broadcasting, sa Unibersidad ng Centro Escolar noong 1985 at kamakailan ay matagumpay na naipagtaggol ang kanyang *thesis* upang makapagtapos ng *Master in Public Administration* sa Bulacan State University.

Kasal kay Roberto Santos, sila ay binayayaan ng tatlong mababait na



anak (dalawang lalaki at isang babae), sina Ingrid Wynona, Ivez Lexandrei at Ivez Christian.

Bilang bagong pinuno ng Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan, agad niyang pinulong ang mga tauhan ng tanggapan at inilahad ang kanyang mga nais na maisakatuparan ng tanggapan bilang kalihiman ng Sangguniang Panlalawigan. Pinag-usapan din nila ang mga bagay na kinakailangan upang magkaroon ng pagkakaisa at pagtutulungan ang bawat isa sa tanggapan upang matagumpay na maisakatuparan ang mandatong tungkulin at gampanin ng tanggapan bilang ambag sa makabuluhang paglilingkod ng Sangguniang Panlalawigan.

“Alam kong hindi madaling mapantayan ang mahusay na paglilingkod ng ating dating Kalihim Alicia Javier, ngunit itinuturing kong isang malaking karangalan na maipagpatuloytungo sa lalong pang-unlad ang kanyang nasimulan bilang kalihim,” aniya.

“Bilang bagong SP Secretary, pagsusumikapang kong maisakatuparan ang aking gampanin at tungkulin sa abot ng aking makakaya.

. Naniniwala ako na sa patnubay ng ating Dakilang Lumikha at sa pagtitiwala ng bumubo ng Sangguniang Panlalawigan, sa pamumuno ng ating Vice-Governor Daniel Fernando, at suporta at pakikiisa ng aking mga kasamahan sa kalihiman, magtatagumpay ako,” pagtatapos niya.

Sec. Javier Nagretiro Na

Nagretiro na si Sec. Alicia Javier noong Agosto 17, 2011 bilang kalihim ng Sangguniang Panlalawigan at kawani ng Pamahalaang Panlalawigan na mahigit 40 taon din niyang pinaglingkuran. Sa pangunguna ni Vice-Gov. Daniel R. Fernando, si Sec. Javier ay kinilala at binigyan ng pagpapahalaga ng SP sa kanyang kahuli-hulihang pagganap bilang SP Secretary.

Bilang kawani ng pamahalaan, kabilang sa mga tungkuling kanyang hinawakan ay ang pagiging guro ng Hagonoy Central School, provincial population officer, superintendent ng Bulacan Trade House, Provincial Human Resource Officer at pinakahuli, bilang kalihim ng Sangguniang Panlalawigan mula 1992 hanggang sa kanyang pagreretiro.

Kabilang sa mga karangalang naibigay niya sa lalawigan ay ang kanyang pagkakahalal bilang

(Sundan sa kabila)

⇒ gawad Galing Sanggunian is On!

dokumentong ginagamit at ang pakikilahok ng mga kagawad sa isinasagawang sesyon, gayundin ang kaayusan ng tanggapan ng kalihim.

Batay sa talaan ng kalihiman ng GGS, nasa 20 sanggunian na ang nabisita ng Lupon sa Pagsala. Nagkakaloob din si Bokal Arceo ng mga sertipiko ng pagpapahalaga sa mga dating kagawad at ng mga printers bilang pasasalamat sa kanilang paglahok at pakikiisa sa Gawad Galing Sanggunian.

Inaasahang matatapos ang pagdadalaw ng Lupon sa Pagsala sa buwan ng Oktubre at matapos ang pag-ebalweyt ng lupon, magsusumite ito ng ulat sa Lupon ng Pagpili (Selection Committee) kalakip ang talaan ng mga napiling finalists. Sa yugtong ito, ang Lupon sa Pagpili na ang tatapos ng gawain sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga validations ng mga datos na nilalaman ng ulat at magsasagawa ng panayam sa mga finalists.

Ang mga mapipiling pinakatatanging sangguniang bayan/panlungsod, tagapangulo ng hapag, kagawad at kalihim ay bibigyan ng parangal at pagkilala sa darating na Disyembre. Tatanggap din sila ng premyong salapi at plake ng pagkilala tulad ng mga sumusunod:

1. Pinakanatatanging Sangguniang Bayan - P100,000 + Plaque of Recognition
2. Pinakanatatanging Sangguniang Sangguniang Panlungsod - P100,000 + Plaque of Recognition
3. Pinakanatatanging Tagapangulo ng Hapag-Sangguniang Bayan - P50,000 + Plaque of Recognition
4. Pinakanatatanging Tagapangulo ng Hapag-Sangguniang Panlungsod - P50,000 + Plaque of Recognition
5. Pinakanatatanging Kagawad ng Sangguniang Bayan - P50,000 + Plaque of Recognition
6. Pinakanatatanging Kagawad ng Sangguniang Bayan - P50,000 + Plaque of Recognition
7. Pinakanatatanging Kagawad ng Sangguniang Panlungsod - P50,000 + Plaque of Recognition
8. Pinakanatatanging Kalihim ng Sanggunian Bayan/Panlungsod - P25,000 + Plaque of Recognition
9. Pinakanatatanging Ordinansa ng Taon - P5,000 + Plaque of Recognition
10. Special Awards - Plaques of Recognition.



Members of the Screening Committee with SB-Baliwag

⇒ Lakbay-Aral sa Taiwan...

kasangkapan. Sumunod nilang pinuntahan ang mga malalaking pagawaan at pabrika sa Taipei, kabilang ang Yung Shin Pharmaceutical Industries Company, isang makabagong pagawaan ng mga gamot at medisina. Sa sumunod na araw, nakadaupang-palad ng delegasyon at nakapanayam ang mga Bulakenyong manggagawa na nagtatrabaho at naninirahan sa Taiwan.

Bukod sa MECO, naging abala din sa pag-asikaso at pag-alalay sa delegasyon si G. Vick Chung at ang kanyang pamilya, na nakakasama rin ng delegasyon sa kanilang pamamasyal at paglilibot sa loob ng limang araw na inilagi nila sa Taiwan. Si G. Chung ay manugang ng Punong Lalawigan Wilhelmino M. SY-Alvarado.

⇒ Sec. Javier Nagretiro Na...

pambansang pangulo ng Philippine League of Secretaries to the Sanggunians, Inc. (PLEASES) noong 2000-2002. Nanungkulan din siya bilang pangalawang pangulo at sekretarya-heneral ng PLEASES. Siya rin ay naging unang pangulo ng kauna-unahang "all woman" Rotary Club sa sa lalawigan, ang Rotary Club of Malolos Hiyas.

Nahirang siyang Gawad Galing Kawani noong 2006 bilang testimonya ng kanyang matapat at mahusay na paglilingkod. Kabilang sa kanyang legasiyang maiiwan ay ang *Legislative Digest*, isang computer-generated na publikasyon ng SP, ang *SP Website*, at higit sa lahat, ang implementasyon ng *Digital Conversion Project*, na maituturing na kauna-unahan sa bansa.

LEGISLATIVE DIGEST

Ang *Legislative Digest* ay inilathala ng Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan apat na beses sa isang taon. Para sa mga komento, puna, suhestiyon o katanungan, makipag-ugnayan sa aming tanggapan.

Telepono Blg. - (044) 791-0019/ 791-8168

Website - <http://so.bulacan.aov.ph>

****LARAWAN**LITRATO**FOTOGRAPO****



PCL Week - BM Ariel Arceo posed with councilors during PCL-Bulacan Chapter's Basketball Exhibition games



Sec. Ua Santos and some SP staff & their loved ones during PGB Family Day last September 24, 2011 at CEU Centrodome



BMs Felix Ople, Ariel Arceo and Ayeo Ople in one of their visitation sorties, re: GGS 2011



Vice-Governor Daniel Fernando and members of the Sanggunian Panlalawigan in Taiwan

**QUIKSTAT
ACCOMPLISHMENT REPORT
(January – September 2011)**

A. PLENARY AFFAIRS:

1. No. of Sessions Conducted: **39**

B. RESOLUTIONS/ORDINANCES ENACTED

- a. Provincial Resolutions: 106
- b. Provincial Ordinances: 11
- c. Municipal/City Resolutions: 9
- d. Municipal/City Ordinances: 132

258

C. COMMITTEE AFFAIRS:

1. No. of Committee Meetings Conducted: **310**
2. No. of Committee/Public Hearings Conducted: **248**

D. SIGNIFICANT ACCOMPLISHMENTS:

1. Regular updating and maintenance of SP Website
2. Weekly broadcast of program "SP Files" at Radyo Bulacan
3. Publication & distribution of "Legislative Digest", quarterly newsletter of SP
4. Updating of database on the Legislative Tracking System
5. Electronic Data Back-up System-Scanning of Resolutions and Ordinances
6. Maintenance and continuous updating of Legislative Library and Archives
7. Digital Conversion Project – P1.5 Million Project of Sangguniang Panlalawigan, in cooperation with Ayala Systems Technology, Inc., to convert legislative documents into digital images with indices
8. Conduct of annual project "Gawad Galing Sanggunian"